



# Anchorage School District

## Student Nutrition

1307 Labar Street • Anchorage, AK 99515 • 907-348-5145 • <http://www.nutrition.asdk12.org>

Minamahal na Magulang/Tagapangalaga:

Ang inyong mga anak/alaga ay maaaring kwalipikado para sa mga libre o pinababang presyo ng pagkain. Mahalaga ang tamang nutrisyon para sa kalusugan at kapakanan ng ating mga mag-aaral. Nag-aalok ang Anchorage School District ng masusustansiyang pagkain sa bawat araw na may pasok. Ang agahan para sa Elementarya ay nagkakahalagang \$2.50; ang tanghalian para sa Elementarya ay nagkakahalagang \$4.25. Ang agahan para sa Gitnang Paaralan ay nagkakahalagang \$2.75; ang tanghalian para sa Gitnang Paaralan ay nagkakahalagang \$4.75. Ang agahan para sa Mataas na Paaralan ay nagkakahalagang \$3.00; ang tanghalian para sa Mataas na Paaralan ay nagkakahalagang \$5.25. Upang malaman kung kwalipikado ang inyong mga anak/alaga para sa mga Libre o Pinababang Presyo ng pagkain, mag-apply online sa wikang Ingles o Espanyol sa pamamagitan ng pagbisita sa [www.nutrition.asdk12.org](http://www.nutrition.asdk12.org). Kung kwalipikado sila, ang kanilang mga agahan at tanghalian ay maaaring maging libre o bumaba sa \$0.30 para sa mga agahan at \$0.40 para sa mga tanghalian. Kung hindi ka makakapag-apply online, maaari kang humiling ng papel na aplikasyon sa wikang Ingles, Espanyol, Tagalog, Samoan o Koreano. **Mangyaring tandaan** na maaaring matagal iproseso ang mga pormularyo ng aplikasyon. Makikita sa ibaba ang mga karaniwang tanong at sagot upang matulungan ka sa proseso ng aplikasyon.

- **Sino ang maaaring makakuha ng mga libre o pinababang presyo ng pagkain?**
  - a. Kwalipikado para sa mga libreng pagkain ang mga bata sa mga sambahayang nakatatanggap ng mga benepisyo mula sa Supplemental Nutrition Assistance Program (SNAP, Programang Tulong sa Karagdagang Nutrisyon) o State Temporary Assistance for Needy Families (TANF, Pansamantalang Tulong ng Estado para sa Mga Nangangailangang Pamilya). **Upang mas mabilis na pagproseso ng kwalipikasyon** para sa libreng pagkain, magpadala ng kopya ng iyong Direct Certification Letter (Liham ng Direktang Sertipikasyon) sa Student Nutrition sa [SNAdmin@asdk12.org](mailto:SNAdmin@asdk12.org) o ipadala ang dokumento sa paaralan Attn: Cafeteria Manager.
  - b. Kwalipikado ang mga inaalagaang bata (foster child) na nasa ilalim ng legal na pananagutan ng ahensiya para sa foster care o korte.
  - c. Kwalipikado ang mga batang lumalahok **batay** sa kita ng programang Head Start ng kanilang paaralan.
  - d. Kwalipikado ang mga batang tumutugon sa kahulugan ng walang tirahan, lumayas o tumakas (runaway), o imigrante.
  - e. Maaaring makatanggap ang mga bata ng libre o pinababang presyo ng pagkain kung ang **kabuuang kita (bago ang mga buwis o pagbabawas, kabilang ang permanent fund dividend)** ng iyong sambahayan ay nasa loob ng mga limitasyon sa Federal Income Eligibility Guidelines (Mga Pederal na Patnubay sa Kwalipikasyon sa Kita) na nakalista sa ibaba:

CHART NG KWALIPIKASYON SA KITA NG PEDERAL NA PAMAHALAAN para sa Taon ng Panuruan 2020-2021

Sambahayan Laki	Kada Taon	Kada Buwan	Dalawang beses kada Buwan	Kada Dalawang Linggo	Kada Linggo
1	29,508	2,459	1,230	1,135	568
2	39,868	3,323	1,662	1,534	767
3	50,228	4,186	2,093	1,932	966
4	60,588	5,049	2,525	2,331	1,166
5	70,948	5,913	2,957	2,729	1,365
6	81,308	6,776	3,388	3,128	1,564
7	91,668	7,639	3,820	3,526	1,763
8	102,028	8,503	4,252	3,925	1,963
<b>Para sa bawat karagdagang miyembro ng pamilya, magdagdag ng:</b>					
	10,360	864	432	399	200

- **Ang impormasyong bang ibibigay ko ay sisiyasatin?**

*Educating All Students for Success in Life*

Anchorage School Board  
Elisa Vakalis, President  
Margo Bellamy, Vice President  
Andy Holleman, Clerk

Starr Marsett, Treasurer  
Dave Donley

Alisha Hilde  
Deena Mitchell

Superintendent Dr. Deena Bishop

Oo, maaaring hilingin din namin sa iyo na magpadala ng nakasulat na katibayan **ng kita ng sambahayan na iyong iniulat.**

- Paano ko malalaman kung kwalipikado ang aking mga anak/alaga bilang isang walang tirahan, lumayas o tumakas o imigrante?
  - a. Ang mga **miyembro** ba ng iyong sambahayan ay wala permanenteng adres? Magkakasama ba kayong naninirahan sa isang kanlungan(shelter), hotel, o ibang pansamantalang tirahan? Pana-panahon bang lumilipat ang iyong pamilya? **May mga bata bang piniling iwanan ang kanilang pamilya o sambahayan na kasama mo sa iyong tirahan?** Kung sa iyong palagay ay natutugunan ng mga bata sa iyong sambahayan ang mga paglalarawang ito at hindi pa nasasabihan na makakakuha sila ng mga libreng pagkain , mangyaring tumawag sa child transition liaison sa 742-3833 o bumisita sa CIT website sa <http://www.asdk12.org/CITH>.
  - b. Ang mga sambahayang lumalahok sa personal na pantawid-buhay na pangingsda (subsistence fishing) (tubig-alat at tubig-tabang), pangunguha ng kabibe, panghuhuli ng alimango at hipon, pangkomersiyal na pangingsda, pagpoproseso ng isda, pagtotroso, o pagsasaka ay maaaring bumisita sa website ng Migrant Education para sumagot ng survey para suriin ang kwalipikasyon <https://www.asdk12.org/Page/5557> o tumawag sa Migrant Education sa (907)742-4275.
- Paano ako mag-aapply?

Mag-apply online o mag-print ng **pormularyo ng aplikasyon** sa pamamagitan ng pagbisita sa [www.nutrition.asdk12.org](http://www.nutrition.asdk12.org) at piliin ang Apply Online for Free and Reduced Priced Meals (Mag-apply Online para sa Mga Libre at Pinababang Presyo ng Pagkain). Para sa mga mag-aaral o mga nasa kindergarten na bago sa school district mag-apply sa huling bahagi ng Hulyo o sa unang bahagi ng Agosto. Kung hindi natamasa ng isang mag-aaral noong nakaraang taon ang libreng pagkain o pinababang presyo ng pagkain, hindi sila magkakaroon ng pansamantalang libreng pagkain para sa unang bahagi ng 2020-2021 sa taon ng panuruan.
- Kailangan ko **bang kompletihin ang tig- isang aplikasyon para sa bawat bata?**

**Hindi**, mangyaring gumamit lamang ng **ISANG** Aplikasyon para sa Libre at Pinababang Presyo ng Mga Pagkain sa Paaralan para sa **lahat ng mag-aaral na naka-tala sa Anchorage School District sa iyong tahanan.** Hindi namin maaaprubahan ang hindi kumpletong aplikasyon. Tiyaking sagutan ang lahat ng kinakailangang impormasyon. Mangyaring mag-apply online o ibalik ang sinagutang papel na aplikasyon sa Student Nutrition 1307 Labar Street, Anchorage, Alaska 99515. Mangyaring isama ang **lahat ng mag-aaral** sa pormularyo ng aplikasyon **kasama ang mga papasok pa lamang sa kindergarten.**
- Kailangan ko bang **sagutan ang pormularyo ng aplikasyon kung nakatanggap ako ng liham para sa 2020-2021 na taon ng panuruan na nagsasabing aprubado para sa mga libreng pagkain ang aking mga anak/alaga?**

Hindi, ngunit mangyaring basahin nang mabuti ang liham at sundin ang mga tagubilin. Kung may hindi napabilang na bata sa iyong sambahayan sa iyong **pahayag** ng kwalipikasyon, kaagad na makipag-ugnayan sa Student Nutrition upang maiwasan ang posibilidad na madagdagan ang mga singil sa pagkain.
- **Kailangan ko bang sagutan ang pormularyo ng aplikasyon kung nakatanggap ako ng liham para sa 2020-2021 sa taon ng panuruan na nagsasabing naka-tala sa isang paaralang may CEP at magkakaroon ng mga libreng pagkain ang aking mga anak?**

Hindi mo kakailanganing mag-apply para sa mga bata sa iyong sambahayan na naka-tala sa isang paaralang may Community Eligibility Provision, ngunit kung may iba kang mga anak sa iyong sambahayan na hindi pumapasok sa paaralang may CEP o lumipat sa isang paaralang walang CEP, kakailanganin mong mag-apply. Upang malaman kung naka-tala sa paaralang may CEP ang iyong anak, bumisita sa <https://www.asdk12.org/studentnutrition/> at pumili ng mga paaralan ng CEP.
- Naaprubahan ang aplikasyon ng aking anak para sa 2019-2020 sa taon ng panuruan. Kailangan ko bang **kumpletihin ang bagong pormularyo ng aplikasyon?**

Oo, ang aplikasyon ng iyong anak/alaga ay para lamang sa maikling hinangong panahon sa kasalukuyang taon ng panuruan upang bigyan ka ng oras para **muling mapagtibay** ang iyong mga anak para sa 2020-2021 sa taon ng panuruan. Para maiwasan ang mga karagdagan singil sa pagkain kung **nawala** na ng bisa ng kwalipikasyon sa programa, mag-apply sa pagitan ng Agosto at Oktubre 1 para sa lahat ng mag-aaral. Isama ang lahat ng mag-aaral sa isang aplikasyon, kahit na pumapasok sila sa magkakaibang paaralan.
- Paano ko malalaman kung kwalipikado ang aking mga anak/alaga?

Makakatanggap ka ng nakasulat na **pahayag** sa pamamagitan ng koreo. Mangyaring tiyakin na ang nakatalang **adres ay** sa iyong mag-aaral (hindi ang adres ng magulang)na pinakabago sa Q Parent Connection at sa **bawat** paaralan ng mga mag-aaral para matiyak na makakatanggap ka ng mga **pahayag** tungkol sa iyong aplikasyon.
- Nakatanggap ako mula sa programang WIC maaari bang makakuha ng mga libreng pagkain ang aking mga anak/alaga?

Maaaring kwalipikado ang mga bata sa mga sambahayang lumalahok sa Special Supplemental Nutrition Program for Women, Infants, and Children (Programang ng Espesyal at Karagdagang Nutrisyon Para sa Mga Kababaihan, Sanggol, at Bata); Mangyaring mag-apply.

- Kung hindi ako kwalipikado ngayon, maaari ba akong mag-apply sa hinaharap?  
Oo, maaari kang mag-apply kahit kailan sa taon ng panuruan at kahit ilang beses ayon sa iyong pangangailangan. Gayunman, kung naaprubahan, hindi mo na kailangang mag-apply hanggang sa susunod na taon ng panuruan.
- Paano kung hindi ako sumasang-ayon sa pasya ng school district sa aking aplikasyon?  
Maaari kang makipag-ugnayan sa Student Nutrition upang **talakayin ang pasya** sa iyong kwalipikasyon. Maaari ka rin humiling ng pagdinig sa pamamagitan ng pagsulat sa: Student Nutrition Director, 1307 Labar Street, Anchorage, Alaska 99515.
- Maaari ba akong mag-apply kung ang isang tao sa aking sambahayan ay hindi mamamayan ng U.S.?  
Oo. Hindi kinakailangan na ikaw, ang iyong mga anak/alaga, o ibang mga miyembro ng sambahayan, ay mamamayan ng U.S. para mag-apply para sa libre o pinababang presyo ng mga pagkain.
- Paano kung nagbabagu-bago ang aking kita?  
Ilista ang **kabuuang kita** na karaniwan mong natatanggap. Halimbawa, kung karaniwan kang may kita na \$1000 kada buwan, ngunit hindi ka nakapasok nang ilang beses sa nakaraang taon at kumita ka lamang ng \$900, ilagay na kumita ka ng \$1000 kada buwan. Kung karaniwan kang nag-o-overtime, isama ito, ngunit **huwag itong isama kung ilang beses ka lamang nag-overtime**. Kung nawalan ka ng trabaho o nabawasan ang iyong mga oras ng trabaho o sweldo, gamitin ang iyong kasalukuyang kita. Mangyaring tiyaking isulat kung **gaano kadalas sinasahod** ang kabuuang kita (kada linggo, kada dalawang linggo, dalawang beses kada buwan o kada buwan). Kung hindi **maisusulat**, ibabalik o maaantala ang iyong aplikasyon.
- Paano kung walang kita na maiiulat ang ilang mga miyembro ng sambahayan?  
Kung walang natatanggap na kita ang mga miyembro ng sambahayan, mangyaring ilagay ang 0 sa puwang. Kung mayroong mga puwang sa kita na walang laman, ituturing namin na ang kita nila ay 0.
- Kami ay nasa militar. Magkakaiba ba naming iuulat ang aming kita?  
Ang iyong karaniwang sweldo at mga bonus na cash ay dapat na iulat bilang kita. Kung nakakakuha ka ng mga allowance na cash para sa mga pabahay sa labas ng base, pagkain, damit, o nakakatanggap ng mga kabayaranang Family Subsistence Supplemental Allowance (Karagdagang Sustento para sa Pantawid-buhay ng Pamilya), kailangan din ito isama bilang kita. Gayunman, kung ang iyong pabahay ay bahagi ng Military Housing Privatization Initiative, huwag isama ang iyong sustento para sa pabahay bilang kita. Hindi rin kasama sa kita ang anumang karagdagang kabayaran sa laban na resulta ng pagpapadala ng militar (deployment).
- Paano kung hindi sapat ang lugar na susulatan sa pormularyo ng aplikasyon para sa aking pamilya?  
Mag-apply online. kung kailangan mong magsumite ng papel na kopya, ilaran ang mga karagdagang miyembro ng sambahayan sa hiwalay na **pirasong papel**, at ilakip ito sa iyong aplikasyon.
- Kailangan ng aking pamilya ang karagdagang tulong. Mayroon bang ibang mga programa kung saan maaari kaming mag-apply?  
Para matuto pa tungkol sa mga programang **nagbibigay ng tulong sa Alaska, bumisita sa [www.dhss.alaska.gov/dpa](http://www.dhss.alaska.gov/dpa)**.

Makipag-ugnayan sa Student Nutrition Office (Tanggapan Para sa Nutrisyon ng Mag-aaral) sa pamamagitan ng email sa [SNAdmin@asdk12.org](mailto:SNAdmin@asdk12.org) o sa (907) 348-5145 para sa higit pang tulong.

Gumagalang,

Andrew Mergens  
**Senior Director**, Student Nutrition